# *Sa Pananampalataya, Si Moises*

Salamat, Kapatid na Neville. Magandang umaga, mga kapatid. Napakainam na makaparito ngayong araw na ito sa tabernakulo. At naisip ko na marahil mahiling ko kay Kapatid na Neville na siya na ang magsalita sa umagang ito, tapos ako na lang mamayang gabi. At mangyari lang na may binabalikan akong aralin na pang-Sunday school para sa umagang ito. At grabe pong. . . Loobin ng Panginoon, sisikapin natin na—na tumalakay sa Sunday school na aralin na ito.

2 Ngayon, dalawang linggo na ngayon, halos, simula nang makauwi ako. At may pangangatal ako gaya ng nauunawaan n'yo, dahil, sa pagmimisyon, ako po'y talagang, sobrang napagod at parang di ko na kayang makatayo pa. At mangyari rin na kauuwi ko lang para sa kaunting pamamahinga. At kaya gumugol ako nang tatlong araw doon sa Wolf Creek Dam, dito sa Kentucky, kung saan ako ipinanganak. Sa isip-isip ko, "Oh, makakapahinga na rin ako sa wakas ngayon. Mainam ito."

3 At ang kaso'y nung pagbalik ko sa bahay, haya't ang unang bumulaga sa akin ay kung anong obligasyong pang-gobyerno tungkol sa aking buwis. Kaya bumagsak po uli ang kalagayan ko. Haya't naisip ko na baka abutin pa nang sanlinggo o dalawa para talagang makabawi ako ng pahinga.

4 At mangyari po na ang aking pagmi-miministeryo ay napipinto na pong magbago ngayon. At wala po akong mga pagtitipon na naka-iskedyul. At 'yan po ang dahilan kung bakit medyo bakasyon muna ako ngayon, at naisip ko, haya't ngayon sa susunod na ilang sanlinggo, ako po'y magpapahinga, buong magpapahinga, at maghihintay lamang sa Panginoon.

5 At marami sa inyo na mga taga-rito, na mga matatagal na rito't, kasama na namin nang matagal na matagal, ang naaalala ang sinabi sa atin ng Panginoon, na Siya'y nagpapamalas sa tuwina ng kung ano ang sinabi Niya na gagawin niya.

6 Kung maaalala n'yo, nung pinaka una, sa simbahan dito, nung umaga na 'yun na ilagak natin 'yung patatagang bato ng tabernakulo, kung papaano na Kanyang. . . Nakasulat nga 'yun dito, at nung inilalagak 'yung bato, naisulat dito sa bakanteng pahina ng aking Biblia. Nung umaga na 'yun, 'yung dakilang pangitain na 'yun, ang sabi, "Hindi rito ang iyong tabernakulo."

7 Sabi ko, "Saan po, Panginoon?" Dinala Niya ako roon sa ilalim ng alapaap. Tapos may isang Tinig na dumating. At tumingin ako't nakita yaong tatlong krus, na parang, mga punongkahoy at may bunga sa mga ito, at kung ano pa. Tanda n'yo 'yung pangitain. Naisulat po 'yun, ilang taon na rin.

8 Kinuha ko, nung isang araw, ’yung lumang aklat dun, binasa-basa ko ’yung mga bagay na sinabi ng Panginoon, paunang sinabi; na mga nangyari na. Tungkol sa lagay ng kabataan, at kung ano ang magiging resulta ng digmaan, at lahat ng mga bagay na ’yun na saktong-sakto.

9 Dalawang bagay na lang ang natitira, sa isa sa mga dakilang propesiya na ’yun. Yun nga’y, ang mga kotse na nasa kalsada na pinaaandar ng remote control, ay magmumukhang itlog, tapos di n’yo na kailangang kayo pa ang magmamaneho nun. Nakokontrol nito ang sarili nito. Tapos may isang bantog na babae ang aahon, dahil ang Amerika’y isang bansa ng babae. At magiging. . .Isang bantog na babae ang aahon, at magiging Presidente o anong gaya nun, sa bansa. Tapos nun ay darating ang ganap na pagkalipol. Ang buong bansa nga’y malilipol.

10 At, ’yan po’y, prediksyon ko. . .Ngayon hindi po ang Panginoon ang nagsasabi nito. (Yung isa, ’yung tungkol sa babae, ’yun nga’y, sabi ng Panginoon.) Pero prediksyon ko, noong 1933, na ang mundo’y hahantong sa ganap na pagkawasak bago mag-’77.

11 Mangyari po, na di ko pa alam na magkakaroon pala sila ng bagay na may kakayahang mangwasak ng katulad sa mayroon sila ngayon, pero nakinita ko mismo ang bansa sa ganap na pagkawasak, haya’t mga paa na lang ng puno’t mga bagay-bagay na gaya nun, ang naiwan.

12 Kaya, patungo na sa ganoon. At kung ang lahat ng mga bagay na ito’y nangyari gaya ng sinabi Niya, ’yun din ay mangyayari, ’yan kasi mismo ang sinabi Niya sa Kasulatan dito, ’yan ang sinabi Niya, na kung si Cristo’y dumating sa unang pagkakataon, darating Siya sa pangalawang pagkakataon. At lahat mismo ng mga bagay na sinabi Niya ay magaganap. At yamang nakikita ito, at nalalaman na tayo’y. . .ang bilang natin ay tatawagin na, bilang isang bansa, yamang nalalaman na ang Iglesya’y patungo na sa Pag-agaw Nito. Pinapaantig nun ang puso ng ministro, o ng sinumang karaniwang dumadalo, na malaman na tayo’y nasa araw at oras na ito na kinabubuhayan natin. Ito nga ang pinaka dakilang panahon na ang sinuman ay makakapamuhay, ito ngang ngayon; ’yun nga’y, para sa Iglesya. Kaya, tunay po na inaasam ko ang inyong mga panalangin.

13 At heto po na nakita ko sa tabernakulo, haya’t nakita ko na mayroon silang. . .magkakaroon ng botohan uli at lahat, sa iglesya, para punan ang lupon at iba pa.

14 At—at ang iglesya po’y kailangan ng munting pagpupulong, kaunting pagpapakilos. At kayo po’y sadyang laging mabuti sa akin, at pinagpapala ako. At sa pagdako ko nga rito’y, mistula ngang pagpapala sa inyo. At sigurado ako, na itong pakikipaglakip ko sa inyo, ay pagpapala rin po para sa akin. At lagi n’yong tinatanggap ang sinasabi ko bilang Katotohanan,

gaya ng pagkakita ko rito sa pamamagitan ng Diyos. At ako—ako nga'y nalulugod diyan.

15 Kaya heto po, kababalik ko lang, at dito ko po nalaman, haya't panatilihin natin ang kaayusan sa ating iglesya, sa mga lupon nito, at maging dito sa botohan at iba pa. At pagkatapos—pagkatapos, haya't naisip ko, na pagkatapos n'yan, ako'y lalakad uli at siguro'y magpapahinga lang nang kaunti bago bumalik muli sa pagmimisyon.

16 Ang bagay na ito'y panatilihin n'yo lamang sa inyo. Ngayon, di po kasi ito para sa mga taga-labas. Ito po'y para sa tabernakulong ito. Gusto natin itong pagpupulong sa tabernakulo rito, para ang lahat ng mga bagay, at bawat mali, lahat ng mga bagay na nangyayari, at marahil pati mumunting mga sigalot sa isa't isa; lahat ng 'yan, reresolbahin ko ang bawat isa n'yan at paghaharapin natin mismo. Kaya kung ayaw n'yong kaharapin ito, mas mainam na umalis na lang kayo ng estado; dahil kakaharapin at kakaharapin n'yo ang maski katiting man nito, gaya ng lagi nating ginagawa rito noon sa tabernakulo. At lahat ng ito'y plaplantsahin nang maigi, dahil tayo'y mga kapatid na lalaki't mga kapatid na babae na sumasalo na sa komunyon, ang Katawan ni Cristo, sa dulang na ito ng mga pagpapala. At wala nang iba't ang diyablo mismo ang gumagawa ng paraan para mamali ang lahat, at magdudulot ng mga samaan ng loob, o paghihiwalay, o ano man na gaya nun. At kasama ko rito si Kapatid na Neville natin, at bibisi-bisita po kami, at pagbabalik-loobin ang mga tao, na maglakip, hanggang sa ang dating tabernakulo ay maipanumbalik, maitatag muli, sa paa nito, para umusad para sa Kaharian ng Diyos. Ngayon, ito po, ang dahilan kung bakit sinabi ko ito, ay dahil ito'y sa atin-atin lang dito sa munting grupo rito sa umagang ito.

17 At ngayon ako po'y magpapahinga lang nang kaunti, at babalik nang madali sa abot ng makakaya ko. Mangyari nga na umaasa akong makabalik sa pagmimisyon uli. At sa panahong ito, loobin ng Panginoon, nais kong dalhin ang kung anong munting nalikom natin na pondo, at iba pa, na para sa akin, dadalhhin sa. . .sa mga programang pagmimisyon sa ibang bansa. At kukuha ako ng bagong tolda, at ilang bagong kagamitan, at magpapasimula sa pagmimisyon sa labas. Hindi po simbahan sa simbahan, kundi magdadaos mismo ng sarili nating mga pagtitipon.

18 Ngayon, hindi naman sa binabalewala ko ang mga kapatiran na nag-imbita sa akin, hayan nga't napakainam po n'yan. Pero kadalasan kasi, masusumpungan mo sa mga malakihang gawain na ito, na iaanunsyo nila na pupunta ka roon, tapos lahat ng mga kaibigan mo'y pupunta, at mangyari nga na may nangyayaring lantaran na paglilikom ng pera. Nakukuhanan nang husto ang mga tao. Ngayon-ngayon ko lamang ito napagtanto, kita n'yo. Hayan nga't hindi 'yan—hindi 'yan tama. Kaya ang asam

nati'y magkaroon ng isang lugar kung saan madadala sila roon. Na hindi n'yo na kailangang dalhin dun ang inyong pera. Magpupunta lang kayo, sarili lang ang dala, at—at maglilingkod sa Panginoon. Kita n'yo? At kaya ngayon . . .

19 At heto po na ang aking pagmi-ministeryo'y dumarating sa pagbabago ngayon. Naalala n'yo ba noon nung dati'y hinahawakan ko ang kamay ng isang tao, at tatayo roon, at sasabihin sa akin ng Panginoon kung ano ang suliranin nung tao. Sabi, "At mangyayari, matatalos mo ang lihim ng puso ng tao." Bawat isa po sa inyo'y alam n'yo na nangyayari 'yun nang sadyang ganap sa kung anong sinabi Niya. Ngayon ito na po ang sunod na hakbang, na iprinopesiya't paunang sinabi, na hihigit sa lahat ng Ito, kita n'yo. At kalakip ito ngayon sa pagbabago.

20 Yan ang dahilan kung bakit tinitira ako ni Satanas sa aking buwis, pilit na sinasabi sa akin, na sa gobyerno, na may utang daw akong buwis sa bawat kusing na natatanggap ko, bilang isang ministro, mula dalawampu't pitong taon ang nakararaan, sa pagpasok sa pagmi-ministeryo. Hindi po 'yun totoo, dahil 'yung pera'y dumadaan dito sa iglesya.

21 Ako po ang tagapangasiwa ng iglesyang ito. Siyanga po. Yan po ang nakalagay sa mga rekord dito. Kaya, mangyari, na kung ako ang tagapangasiwa't ingat-yaman ng iglesyang ito, napaka imposible naman nun na . . . Ang gobyerno nga'y dapat na walang kinalaman dun. Mangyaring ang pag-uusisa nila'y hindi sa simbahan. Ang pag-uusisa nila'y sa akin bilang ingat-yaman ng iglesya. At pinirmahan ng mga tagapangasiwa ang dokumento na naroon sa bangko, na lahat ng mga pondo ko . . . Sa halip na magkaroon ako ng foundation sa sarili ko, Pinadadaan ko 'yun sa iglesya ko rito, dahil awtomatiko na kinokonsidera itong foundation, siyanga.

22 At dahil diyan, napapanatili nito na hindi ko abandunahin ang iglesya't iwan ito, at lalayo at wala na akong kinalaman dito. Lagi ko ngang ipinapangako sa mga tao na babalik ako sa simbahan, sa tuwi-tuwina 'yan, at aagapay sa kanila. Yan ang dahilan kung bakit pinanatili ko ito ng gaya n'yan, dahil nangako ako sa inyo na mga taga-rito. Yan ang dahilan kung bakit nananatili ako sa ganitong ayos, sa halip na may indibiduwal. Kasi, kung ganyan ang gagawin, hahantong ito sa pagiging organisasyon. At ako'y mariing laban sa organisasyon. Kaya pinapanatili ko—ko ito sa paraan na ganito, sa mga kamay ng Diyos, para makausad tayo para sa Kaharian ng Diyos.

23 Ngayon, sa umagang ito, nais nating pag-aralan ang pinagpalang Salita, at manampalataya.

24 Ngayon, gusto ko pong sabihin din ito, siyanga . . . Nakikita ko si Kapatid na Egan at ang marami, ang iba pa sa mga tagapangasiwa na nakaupo rito, matapos na magkaroon kami ng pagpupulong ng mga tagapangasiwa, nung isang gabi; totoo po,

hayagan kong sinasabi ngayon sa publiko sa harap ng iglesya, na ang bawat isa sa inyo ay hindi na lang—hindi na lang mga inatasang tagapangasiwa. Kayo'y mga pinagbotohan na mga tagapangasiwa, at ang pangalan n'yo ay nakalagay na roon sa mga rekord. Sige po.

25 At ngayon magkakaroon pa sila ng iba pang mga botohan ng—ng mga diyakono naman, at iba pa. At si Kapatid na Neville po'y, ipatatawag niya 'yan agad pagkatapos na pagkatapos ng gawaing ito, siyanga, at para sa magiging ingat-yaman at iba pa, sa pagsasaayos natin ng iglesya. Ipreprepara, 'yung lahat ng mga ulat, ihahanda, pagkatapos tutuon na tayo sa rebaybal na parating.

26 Ngayon, bago po tayo bumuklat ng mga pahina rito, para sa araling ito ng Sunday school, sa pagbubuklat ng dakilang Salita na ito ng buhay na Diyos, atin munang iyuko ang ating mga ulo, pansumandali, habang makikipag-usap tayo sa May-Akda ng Aklat na ito. At ngayon po'y isantabi n'yo na ang bawat iniisip, bawat bagay na kontra, na humahadlang sa inyo mula sa pagkamit ng pagpapala.

Manalangin tayo.

27 Pinaka banal at matuwid na Diyos, sa Iyo pong pinagpala't kapita-pitagang Presensya heto kami na dumudulog ngayon, iniaalay sa Iyo ang aming mga buhay, at aming—aming mga kaluluwa, at aming mga katawan, at aming mga paglilingkod, at ang aming mga talento. Haya't lahat po ng kamit namin, aming inilalapag ang lahat ng ito sa Iyo. At sa Iyo pong pagtunghay sa amin, Panginoon, kung mayroon mang pagkakasala na hubad at di pa naipagtatapat, hinihiling po namin sa Iyo, Oh Panginoong Diyos, na Iyong ipahid ang Dugo ng Iyong Anak, na si Jesus, sa dakong gaya nito. Dahil, napagtatanto namin na kami sa aming mga sarili'y walang kakayahan, at napaka imposible para sa amin na tustusan ang aming sarili. Kaya naman nakadepende kami nang buong-buo sa Kanyang mayamang Dugo, at Kanyang biyaya na mapairal sa kapakanan namin, na kaming mga di karapat-dapat na makasalanan ay makadulog nang may katapangan isang araw sa Iyong Presensya, habang inilalagay sa harap namin ang Dugong ito ng Panginoong Jesus. Na, Iyo pong, sa mga panahon na nagdaan, ay kinikilala bilang ang Dugo ng Iyong nag-iisa't bugtong na Anak, at nag-iwan ng pangako, na, "Sa pamamagitan Niya, kung ipagtatapat namin ang aming mga pagkakasala, kami'y aariing ganap sa pamamagitan ng Kanyang biyaya."

28 At ngayon hinihiling namin, Panginoon, na Iyo kaming patawarin sa anumang pagkakamali, anumang kasalanan ng paglabag o pagkukulang, pagsuway, na kung may anumang masamang pag-iisip ang sumaksak sa aming kaluluwa, na gawa

ng nagniningas na suligi ng diyablo, na Iyong palalayasin ang masamang kaaway Mo na ito, at ng Iyong mga hinirang.

29 At mangyari po na hinihiling namin na Iyong ipadala ang Espiritu Santo para gamitin ang Salita sa oras na ito, habang ipinagpapakumbaba namin ang aming mga sarili bilang mga instrumento, na Ikaw po'y makapangusap sa amin, at makapakinig sa amin, ng Iyong Salita. At nawa kami bilang kapalit ay tanggapin Ito mula sa Iyo, at aalis ng lugar na ito, sa araw na ito, na nararamdaman namin na kami'y muling isinaayos para sa layon ni Cristo; na kami'y maging mas naaangkop pa para sa gawain mamayang gabi at bukas, dahil sa pagdalaw ng Espiritu Santo.

30 Iyo pong pagpalain ang aming mga kapatid sa lahat ng dako, ang mga simbahan sa buong mundo, na ipinapangaral ang Salita ng Buhay sa masamang panahon na ito. Nararamdaman namin na wala nang mahabang panahon pa ang natitira, sapagkat ang gabi'y mabilis na dumarating. Ang mga ulap ng digmaa'y pumapailanlang na muli. May kasamaang napipinto, at dalangin namin na Iyong ipahihintulot kami na magtrabaho nang higit sa natratrabaho namin noon. Iyo pong pagkalooban ng kapahingahan ang aming napapagod na mga katawan, Panginoon, at isugo kami muli sa pakikibaka. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ng Panginoong Jesus, at sa pagsasaalang-alang sa Kanya kami'y dumadalangin. Amen.

31 Sige't habang binubuklat natin, sa umagang ito, ang Biblia, sa—sa ika-11 kabanata ng Aklat ng Mga Hebreo.

32 Nung Miyerkules ng gabi'y tinatalakay natin ang ika-7 kabanata ng Aklat ng Mga Hebreo, tungkol kay "Melquisedec, na walang ama, at wala ring ina, walang pasimula ng mga araw, at katapusan man ng buhay."

33 At kaya naisip ko, na marahil, sa umagang ito, angkop na angkop na bumuklat uli tayo sa kamangha-manghang Aklat na ito, yamang nadaanan na natin ang pambungad na mga tagpo sa bagay na inaasam nating ipangusap, doon sa mga nagdaan nating pagbabasa. At lumundag tayo sa ika-10 kabanata, at ika-9 na kabanata, na tumutukoy sa mga kautusan ng paghahain ng handog, heto tayo ngayon sa dako naman ng "pananampalataya." At dito sa Aklat ng Mga Hebreo, sa ika-11 kabanata, at simula sa ika-23 talata, mababasa natin Dito ito:

> *Sa pananampalataya si Moises, nang ipanganak, ay itinagong tatlong buwan ng kaniyang mga magulang, sapagka't kanilang nakitang maganda ang bata; at hindi sila natakot sa utos ng hari.*
>
> *Sa pananampalataya si Moises, nang* lumaki *na, ay tumangging siya'y tawaging anak ng anak na babae ni Faraon;*

*Na pinili pa ang siya* ay *tampalasanin na kasama ng bayan ng Dios, kay sa magtamo ng nagsisikupas na kaligayahan sa pagkakasala;*

*Na inaring malaking kayamanan ang kadustaan ni Cristo, kay sa mga kayamanan* ng *Egipto:*. . .ang *kaniyang tinititigan* ay *ang gantingpalang kabayaran.*

*Sa pananampalataya'y iniwan niya ang Egipto, na hindi natakot sa poot ng hari: sapagka't nagtitiyagang tulad sa nakakita niyaong* di nakikita.

34 Nais kong kuning paksa, sa umagang ito, "pamimili sa pamamagitan ng pananampalataya." At nais kong kunin bilang teksto, ang unang tatlong salita ng ika-23 kabanata, *Sa Pananampalataya, Si Moises*. At, "pamimili sa pamamagitan ng pananampalataya," sa lahat nga ito ng bagay na ginagawa natin, dapat pumipili tayo sa pamamagitan ng pananampalataya. At lahat mismo ng nasumpungan natin na ginawa ni Moises, na kay gandang ulit-ulitin, ay sa pamamagitan ng pananampalataya; hindi sa pamamagitan ng paningin, kundi sa pamamagitan ng pananampalataya.

35 At ang dahilan kung bakit pinili ko ito para sa umagang ito, para sa iglesya sa estado na ito, ay dahil talamak na sa ating. . .maging sa mga eskuwelahan natin, at sa buong paligid, tadtad tayo ng napakaraming siyentipikong pagtuturo. Dahil dito, nalalayo ang mga tao mula sa pananampalataya. Ngayon, ang pananampalataya'y hindi pinapatunayan ng siyensiya. Ang pananampalataya pa nga'y bagay na di nakikita ng siyensiya. At tayo. . .Kung maiwawaglit natin ang dakilang pananampalatayang ito, kung ganoon ay ganap tayong nasa kadiliman, ito'y. . .kahit na gaano pa tayong kaedukado, na may pamamaraan tayo ng pagpapaliwanag sa Salita ng Diyos, para umangkop sa paraan ng paniniwala natin.

36 Wala ngang ibang paraan para lugurin ang Diyos, haya't sa pamamagitan ng pananampalataya lang. Malinaw na malinaw na sinasabi 'yan ng Kasulatan, na haya't sa pamamagitan ng pananampalataya mismo. "At kung walang pananampalataya," sabi ng Kasulatan, "hindi maaaring malugod ang Diyos."

37 Kaya, kung di umaayon ang pananampalataya sa siyensiya, at ang siyensiya'y di umaayon sa pananampalataya, kung ganoon ay kung—kung pagtatabihin sila sa isa't isa, kailangan nating pumili gaya ng ginawa noon ni Moises. Haya't sa pananampalataya tayo ay sumasampalataya!

38 Ngayon, kung maiwawaglit natin ang pananampalataya, kung ganoon ay di natin maibubunsod ang isa mang panalangin natin na tugunan ng Diyos. "Sapagkat ang lumalapit sa Diyos ay dapat na sumampalataya na Siya nga, at isang tagapagbigay gantimpala sa kanila na mga masigasig na nagsisihanap sa Kanya." Kaya, kung mawawalan tayo ng pananampalataya,

ang mga panalangin nati'y mapapawalang-bisa; wala tayong patutunguhan.

39 Kaya ang dapat na buong pagtutuon ng isipan natin, sa umagang ito, ay ang manghawakan sa pananampalatayang 'yun. Mangyari nga, na kung maiwawaglit natin ang pananampalataya, lahat ng mga pag-asa nati'y mawawala. At kung maiwawaglit natin ang pananampalataya, lahat ng pagka-espirituwal nati'y mawawala. Dahil, hindi kayo maaaring sumampalataya sa mga bagay na inyong nakikita, dahil 'yang mga bagay na inyong nakikita ay lahat kukupas.

40 Kung titingin nga tayo sa isang bantog na tao, isang kilalang ministro, o isang malaking kongregasyon, lahat ng ito'y kukupas, balang araw. At kung titingin tayo sa isang malakas na bansa, o isang malakas na sandata, lahat ng mga ito'y kukupas, balang araw. At kaya naman dapat tayong mamuhay sa pamamagitan ng pananampalataya, sa mga bagay na hindi dinedeklara ng siyensiya. Sa pamamagitan nga ng pananampalataya dapat tayo sumasampalataya.

41 Ngayon, nawawaglit natin ang ating kaluwalhatian kung naiwawaglit natin ang pananampalataya. Ngayon, kung napapalayo tayo mula sa pananampalataya, kung ganoon ay nadadala natin ang iglesya tungo sa dako ng pagka-intelektuwal.

42 At maraming beses, na pinaiisip sa atin, sa kalagitnaan ng mga tao, na dahil malaki ang kongregasyon, at dahil sa naglalakihan kasi ang kanilang mga simbahan, matataas ang kampanaryo, at sikat, marami sa mga dumadalo ang kay gagara ng pananamit at porma, at maraming pera, na kaya nilang bumili ng mga bagay-bagay, tayo, madalas, iniisip natin na puno 'yun ng inspirasyon, na ang naturang iglesya na ito'y puspos ng inspirasyon. O, kung minsan pa nga'y itinuturing natin ang iba't ibang mga ministro na kapag lumalabas sa dako ng pagmimisyon at malaking madla ang pumaparoon na nagtitipon, haya't iniisip natin, kung minsan, na tanda 'yan ng kapuspusan sa inspirasyon. Pero hindi naman po 'yan totoo talaga. Inspirasyon lang 'yan na pantao.

43 Mangyari nga na ang tunay na inspirasyon ay nanggagaling sa paggawa ng kalooban ng Diyos. Kita n'yo? Kahit na 'yun ma'y isa lang, o sandakot lang. Kahit na 'yun ma'y malaking simbahan, o maliit na simbahan, hindi 'yun ang mahalaga. Kahit ang mangangaral ay kilala't, magaling man magsalita, o isang tao lang na halos di alam ang kanyang ABC, hindi 'yun mahalaga. Nakasalalay 'yun sa mensahe na kanyang dinadala, kung 'yun ba'y kinasihan ng inspirasyon ng Salita ng Diyos, o, ang inspirasyon nun ay galing lang sa intelektuwal na hinuha ng inspirasyong pantao?

44 May mga tao na nagkaka-inspirasyon dahil ang tagapagsalita ay mahusay. Hindi 'yun ang nagpapatama nun. Minsan nagkaka-inspirasyon sila dahil ang tao'y pinagsanay nang lubos na nagagawa nitong dalhin ang kanyang punto sa madla. Hindi ibig sabihin n'yan agad ay galing na 'yun sa Diyos. Kita n'yo?

45 Tanging sa walang hanggan ng Diyos, na Walang Hanggang pinagpalang Salita, tayo makatatanggap ng inspirasyon, at ang Espiritu Santo ang nagbibigay nun. Sa pamamagitan ng pananampalataya'y tinatanggap natin ito.

46 Ngayon kung bubulayin natin si Moises, at itong dakilang panahon ng kanyang buhay. At mababasa natin, ang kanyang kapanganakan, at kung papaanong inalagaan siya ng Diyos, pero may panahon nga na dumating sa buhay ni Moises na siya'y humantong sa panahon ng pagpipili. Kung tama ang pagkakabasa natin, nakita natin dun na siya'y anak ng anak na babae ng Faraon, at siya pa nga'y tagapagmana nung trono, at siya na sana ang sunod na faraon ng Egipto. Mangyari nga na nung bumaling siya't tumingin sa paligid, matapos na umabot na siya sa gulang at edad ng pananagutan, at mangyari nga na naroon ang mga alipin na 'yun na nagtratrabaho sa mga hukay ng putik. At si Moises, nung siya'y tumanaw sa bintana ng palasyo, sa siya ring mga alipin na 'yun na tinanaw din ng Faraon, pero may pagkakaiba nga sa kanilang pagkakita.

47 Nais kong lumagak sa kaisipan na 'yan, sa umagang ito, nang ilang minuto, at nawa'y patimuin ng Diyos ng Langit ang bagay na ito sa bawat puso rito. Nakadepende nga sa kung papaano n'yo tinitingnan ang mga bagay-bagay, diyan nagkakaiba.

48 Ang kilalang ebanghelista, si John Sproul, na isa sa mga naakay ng pagmi-ministeryo ni Kapatid na Bosworth, na marami sa inyo ang naaalala pa maraming taon na ang nakalipas, sa may Old Glory Barn. Naikuwento niya, na isang araw noong nasa biyahe siya, bago yumao ang kanyang minamahal na katuwang at asawa. Nasa La Salle, Lorraine, France sila noon. At nagkaroon ako ng pribilehiyo na bisitahin ang parehong lugar na 'yun. At ipinapasyal sila nung tagapaglibot dun sa mga hardin, at marami sa kanilang ipinapakita na iba't ibang bagay. At dumako sila sa isang estatwa roon ng Panginoong Jesus, 'yung pagkakapako sa krus. At nakatayo roon si G. Sproul, tinitingnan 'yun, siya at ang maybahay niya, at, sa kanilang puso, may pamumuna sila sa bagay na naroon sa isip nung pintor, o nung iskultor, pala, nung lilukin ng iskultor ang bato na 'yun, dahil napakapangit nung pagkaka-sagisag nun sa paghihirap at pag-ibig at kahabagan ng Panginoong Jesus, haya't 'yung pagkakalilok kasi nun ay parang basta-basta na lang at mukhang tinapyas-tapyas lang. At lumapit 'yung tagapaglibot kay G. Sproul, at sabi nito,

"Ginoo, sa palagay ko may pamumuna kayo sa estatwa na ito ng Panginoong Jesus."

Tapos sabi niya, "Mayroon nga."

49 At sabi nung lalaki, "Hindi na po ako nagulat, dahil marami sa mga tao ang kapag tumitingin dito, sa una, ay may pamumuna sila rito."

50 Tapos sabi ni G. Sproul, "Ano kasi, wala akong nakikitang kaawaan naman o anumang inspirasyon sa pagtingin ko sa bagay na ito, kaya pinagtatakahan ko lang kung bakit ganito ang pagkakagawa rito nung iskultor."

51 "At mangyaring ang iskultor..." Sabi, "G. Sproul, wala naman pong problema sa estatwa na ito, at ang iskultor ay may tamang bagay sa isip niya. Pero mukhang ang problema po'y, sa inyo. Yung anggulo po ng pagtingin n'yo rito." At kaya inalalayan nung tagapaglibot siya at ang maybahay nito, at inalalayan sila sa isang altar sa paanan nung naturang krus na 'yun. Tapos sabi nung lalaki, "Ngayon, G. Sproul, sige po't tumingin ka paitaas ngayon." At nung siya nga'y tumingin paitaas, ang sabi nga niya'y parang mababagbag ang puso niya sa kaibuturan niya. Grabeng laking pagkakaiba nga, na tatayo lang doon at titingin doon nang *paganoon*, at ang lumuhod dun at tingnan 'yun sa paraan kung papaano nga 'yun dapat tingnan.

52 At ganoon ang Diyos. Ganoon ang pananampalataya. Yun nga'y sa paraan ng pagtingin n'yo rito. Kung titingnan n'yo ito sa paraan na ito'y Biblia lang ng nakaraang kasaysayan, na bagay ng mga panahong nakalipas, hinding-hindi n'yo makukuha ang tunay na kahalagahan ng Biblia. Ang dapat n'yo ngang gawin ay lumuhod, at sumunod sa mga kautusan ng Bibliang ito, at tingnan n'yo Ito sa pamamagitan ng mga mata ng Espiritu Santo.

53 Tatanungin ko ang mga tagapakinig, sa umagang ito. Ano ngang mabuting maidudulot sa atin ng isang Diyos ng lipas na kasaysayan kung hindi Siya siya ring Diyos ngayon? Ano ngang mabuting maidudulot ng isang Diyos, na ginagamit si Moises at pinagpapangyari ng mga himala sa kanya na kanyang ipinamalas, ano ngang mabuti ang maidudulot nun sa atin na magbasa patungkol sa isang Diyos na ganito kung hindi Siya siya pa ring Ito sa panahon ngayon? Ano ngang mabuting maidudulot ng isang Diyos na kinayang iligtas mula sa nag-aapoy na hurno, ang mga binatilyong Hebreo, kung hindi Siya siya pa ring Diyos ngayon? Anong mabuting maidudulot ng isang Diyos na humatol sa pagitan ng tama at mali, nang panahong nagdaan, at pinarusahan ang mali at pinagpala ang tama, kung hindi Siya siya pa ring Diyos ngayon? Ano pang dahilan at nagtutungo pa tayo sa simbahan kung ganoon? Bakit pa tayo umiiwas sa mga bagay ng sanlibutan, kung hindi Siya siya pa ring Diyos na taglay ang siya pa ring kahatulan, at siya ring opinyon gaya

ng kung ano Siya noon? Ano ngang mabuting maidudulot ng isang Diyos na nagawang hawakan ang kamay ng isang babae na may nagbabagang lagnat, at 'yung lagnat ay tumigil, kung hindi Siya siya ring Diyos sa panahon ngayon? Ano ngang mabuting maidudulot ng paglilingkod sa isang Diyos na nakaya noong tawagin ang Kanyang kaibigan mula sa libingan, matapos na patay na ito nang apat na araw, kung hindi Siya siya pa ring Diyos ngayon?

54 Sa pananampalataya tayo'y nananampalataya na darating ang isang maluwalhating araw na tatawagin Niya tayo mula sa lupa, gayong bumalik na tayo sa pagiging sangkutsara na lang ng alabok. Papaano natin 'yun mapapatunayan? Hindi natin 'yun papatunayan. Atin itong sinasampalatayanan. Hindi sinabi sa atin na patunayan ang anumang bagay. Ang hiniling sa atin ay sampalatayanan ito.

55 Sa pananampalataya nagawa ni Moises ang *ganito-at-ganoon*. At nung si Moises, nung siya'y kabataang lalaki pa noon, nung tumanaw siya sa bintana ng palasyo, sa mga alipin, nakita niya ang siya ring kumpulan ng marurungis, maruruming, mga alipin na punung-puno ng putik na nakita ni Faraon.

56 At kung si Faraon nga ang titingin sa kanila, at ang mga Egipcio, wala nga sila't sangkumpol lang ng mga alipin. Yun lang daw ang kapakinabang nila; ang pagiging tao na tagatapal lang ng putik, para gumawa ng mga ladrilyong gawa sa putik para sa mga siyudad na itinatayo ni Faraon. Yun 'yung tingin ng mga Egipcio at Faraon sa mga alipin.

57 Pero si Moises, nung siya ang tumingin sa kanila, iba ngang pagtingin ang mayroon si Moises. Nung makita niya, sa pagdaan niya sa bintana, ang naglalakihang mga hukay sa harapan nila, ang mga luha na gumuguhit sa kanilang mga pisngi, at ang namamaluktot nilang mga katawan, ang tingin niya sa kanila'y mga tao ng Diyos. Hindi mga alipin ang tingin niya sa kanila. Ang tingin niya sa kanila'y piniling bayan ng Diyos.

58 At, oh, sa aking paglibot, mula estado sa estado, at mula bansa sa bansa, na nangangaral! Mula sa paghayo ko mula sa mga pintuan ng munting tabernakulo na ito, na isang interdenominasyong institusyon, na walang batas kundi pag-ibig, walang aklat kundi ang Biblia, at walang kredo kundi si Cristo, ang tingin ko mismo sa mga anak ng Diyos, at sa mga itinakwil, ang tingin ko'y mga pinili ng Diyos at hinirang na bayan. Hindi ko sila tinatanong kung miyembro ba sila ng Branham Tabernacle. Hindi ko tinatanong kung sila ba'y Methodist, o kung sila ba'y Presbyterian, o kung sila'y Pentecostal, o Nazarene, o Pilgrim Holiness. Ang mithi ko nga'y tingnan sila bilang bayan ng Diyos. Haya't nakikita ko ang kanilang kilos at kanilang galaw, na sila'y mga lingkod ng Panginoong Diyos. At ang puso ko'y nag-aasam na

makipagbuklod sa kanila, kahit na ano pang hero ang dala-dala nila. May pag-aasam ako na sila'y makasama sa pagbubuklod. Minamahal ko sila dahil alam kong sila'y bayan ng Diyos.

59 Kapag nakakakita ako ng isang babae na naglalakad sa kalsada, na mahaba ang palda, at ang buhok ay maayos ang pagkakaayos sa kanyang likod, at—at ang damit ay disente; at kapag may makikita akong ibang kabataang babae, na marahil parehas ang edad, na ang suot naman ay pares ng shorts; ang babaing ito marahil, sa itsura, ay dobleng mas maganda kaysa sa babaing may mahabang buhok, ayon sa pagtingin ng mundo, pero ako nga'y papanig sa babaing nakadamit na pang-Cristiano. Gayong ang mga tao'y pagtatawanan siya, at babansagan siyang panatiko, sa kabila n'yan, sa kanya ako papanig. Siya ma'y hindi ganoong kaganda kaysa sa isa pang babae, sa itsura, pero may bagay siya na nakita. Sa pananampalataya nakita ng babaing ito Siya Na hindi nakikita, Na pumapatnubay sa kanyang buhay.

60 Kapag may nakikita akong lalaki sa trabaho, na binabansagan na "diyakono," o "mangangaral," o "isang panatiko," dahil tumatanggi siyang manigarilyo, o uminom ng serbesa, at magpunta sa mga sayawan, gaya ng iba pa sa kanila, at binabansagan tuloy siyang "isang panatiko," ang puso ko nga'y pumapanig sa kanya. Siya'y kapatid ko, dito sa Egiptong lupa, na ang puso ko'y may pag-aasam na yakapin siya at sabihin, "Kapatid, tayo'y mga manlalakbay at dayo, sa lupaing ito, at may pag-aasam ako na makipagbuklod sa iyo."

Si Moises ay kinailangang pumili, pumili sa pamamagitan ng pananampalataya.

61 Gaano ngang karaming kabataang lalaki ang susunggab sa oportunidad na maging anak ng anak na babae ng Faraon! Gaano ngang karaming kabataang lalaki ang susunggab sa oportunidad na iniharap kay Moises, na tamasahin ang lahat ng kalayawan at kabighanian ng mundo, na maging hari ng Egipto, na ang buong mundo'y tungtungan lang ng kanyang mga paa! "Kahibangan," 'yan marahil ang nasa isip ng mga kabataang lalaki nung panahon niya, "nung piliin ni Moises na pumanig sa piling ng mga nagdadalamhati at naghihirap na bayan ng Diyos."

62 Bakit 'yun ang ginawa niya? Sa pananampalataya, iniangat niya ang mga mata niya, tumanaw siya lampas sa kabighanian ng sanlibutang ito. Tumanaw siya lampas sa kalayawan ng kasalanan. At sinabi ng Biblia na siya'y nagtiyaga tulad sa nakikita niya Siya Na hindi nakikita, sa pamamagitan ng pananampalataya, at pinili niyang maglingkod sa Diyos na 'yun kahit na ano pa ang mangyari.

63 Hindi 'yan nagbago. Marami sa atin ang puwede namang piliin na dumalo sa mas mainam na gusali. Marahil mas

malulugod, marahil, sa pakikipagbuklod at kaginhawaan na makaupo sa mas komportableng upuan. Marahil mas magiging popular tayo, kung iinom ng alak at maninigarilyo, at mananamit at kikilos na gaya ng mundo. Pero ano nga ang nangyari? Iniangat n'yo ang inyong mga mata, at sa pamamagitan ng pananampalataya ay nakita n'yo Siya Na di nakikita, at pumanig sa paninidigan n'yo kasama ang mga itinakwil at ang mga nababansagang holy-roller ng panahong ito. Dahil sa pananampalataya nakita natin Siya Na hindi nakikita, pinipiling magdusa sa mga pag-uusig at mga kadalamhatian.

64 Hindi ko sinasabi sa mga tao na piliin nilang magdalamhati sila. Hindi ko sinasabi na piliin n'yo ang pagdudusa. Hindi 'yan makataong bagay na gawin. Pero kung ang paghihirap ay nakalatag sa daan ng tungkulin, atin ngang kaharapin ito sa pagdating nito. Hindi ko nga sinasabing sadyain n'yong gumawa ng isang bagay para libakin kayo ng tao. Hindi ko gustong magsabi kayo ng kung anu-anong ibang bagay, na, "Ako'y isang . . . Kasapi ako sa isang iglesya na di naniniwala sa *ganito-at-ganoon*, sa bagay ng sanlibutan," at mga bagay na gaya n'yan, para magbunsod sa mga tao't pagtawanan nila kayo. Sinasadya n'yo 'yan sa sarili n'yo. Hindi ko nga sinasabi na kayo'y lumabas diyan at gumawa ng kung anu-ano at gumawa ng bagay na labis-labis na. Hindi 'yan ang sinasabi ko na gawin n'yo, para 'yung mga tao'y babansagan nila kayong panatiko. Sinasadya n'yo 'yan kapag ganyan. Pero kung 'yun nga'y nakalatag sa daan ng inyong tungkulin patungo sa Diyos, hayaan n'yo ang mundo na sabihin nila ang gusto nilang sabihin. Magpatuloy kayo.

May pagpipili kayong gagawin. Bawat lalaki at babae ay kailangang magpasya.

65 Ano na lang kaya kung nakita ni Faraon ang nakita ni Moises? Nakita ni Moises ang paghihirap ng bayan. Batid niya ang kapalit nun. Pero sa pananampalataya'y pinili niya pa rin ito, sa halip na magpakasasa dun sa kalayawan ng kasalanan.

66 Marahil sa mga mumunti't, kabataang babae na nakaupo rito, mga kabigha-bighaning kabataang babae marahil. Sasabi-sabihin nga sa inyo ng sanlibutan, "Gawin n'yo 'yung *ganito-at-ganoon*. Maganda kayo. Maganda ang hubog ng katawan n'yo. Dapat ipinapakita n'yo 'yan."

67 Pero, kapatid kong babae, iangat n'yo ang inyong mga mata at tumanaw nang lampas diyan, tumanaw sa Kanya na nagsabi, "Kasuklam-suklam para sa isang babae na magsuot ng kasuotang ukol sa lalaki."

68 Kung ang mga kalalakihan na mga kapitbahay sa inyong komunidad, kung ang mga kababaihan na mga kakilala n'yo, ang magsasabi, "Putulin n'yo 'yang mahabang buhok n'yong 'yan. Mas presko. Magiging *ganito*, *ganoon*, at kung *ano pa*." O, "Mas

magiging mainam ang dating n'yo." Huwag na huwag kayong makikinig sa ganoon!

69 Iangat n'yo ang inyong mga mata, at sa pananampalataya'y tanawin ang nagsabing, "Ang buhok ng babae ang kanyang kapurihan, at hindi niya dapat ito gupitin."

70 Kung sasabihin nila, "Ganito na ang uso ngayon. Mas gaganda ang katayuan mo sa iyong trabaho, o sa iyong amo, kung makikipag-inuman ka. Kung maninigarilyo ka gaya ng iba pang kababaihan, mas maganda ang katayuan mo sa pakikipag-kapwa sa inyong pamayanan."

71 Sa pananampalataya'y iangat n'yo ang inyong mga mata at tumingin sa Kanya Na nagsabi, "Dungisan n'yo ang katawan na ito, at ito'y wawasakin Ko." Sa pananampalataya'y sinasampalatayanan natin ang mga bagay na ito. Hindi nga ito sa bagay na nakikita n'yo. Ito'y bagay na sinasampalatayanan n'yo. Sa pananampalataya, gumanap si Moises.

72 At sa paglakad na ito sa pananampalataya, dumarating sa punto na kailangang pumili.

73 Si Lot ay kalunus-lunos na nagkamali gaya ng pagkakamali natin. Maraming beses kasi na ang pagpili natin ay sarili lang nating kapakanan. Ang pinipili nating mga bagay ay 'yung para makakalamang.

74 Halimbawa kung may kaunting pagtatalu-talo sa iglesya, at may magsasabi, "Buweno, ang diyakono o ang pastor ay sa panig na ito." Huwag 'yun ang tingnan n'yo. Ang tingnan n'yo ay kung ano ang matuwid. Ilabas n'yo ang bagay na 'yun at papagkasunduin sila. Yun ang maka-Diyos.

75 May pagpipili. At ang pagpili nati'y sa sarili nating kapakanan. Pumipili tayo ng bagay na mas kapakinabangan sa atin.

76 Pero si Moises nga'y pinili ang mga pagdadalamhati at ang kadustaan, nang sa gayon ay makalakad siya kasama ng bayan ng Diyos. Pagkabulayan n'yo ito ngayon. Pakinggan n'yo ito. "Pinili na siya'y tampalasanin kasama ang bayan ng Diyos, at ibinilang 'yun na mas higit na kayamanan, sapagkat siya'y nagtiyaga, yamang nakikita Siya Na hindi nakikita."

Ngayon, si Lot nga, nung isang beses, ay kinailangang pumili.

77 At marahil, sa umagang ito, may mga kalalakihan at kababaihan na nakaupo rito, na pagpapasyahan n'yo na ang huli n'yong pagpili. Ganyan kayo ngayon sa kung ano kayo, dahil noong nakaraang ilang taon ay pinili n'yo kung magiging ano kayo ngayon. At kung ano ang piliin n'yo ngayon ang magdedetermina kung magiging ano kayo limang taon mula ngayon. Limang taon mula ngayon kayo marahil ay isa nang

misyunero. Limang taon mula ngayon marahil kayo'y isang kilalang Cristiano.

78 O, marahil limang taon mula ngayon nandun na kayo sa impyerno, dahil maling pasya ang nagawa n'yo. Limang taon mula ngayon marahil tagalinis kayo ng duraan sa isang bahay-inuman. Limang taon mula ngayon marahil magiging patotot kayo sa lansangan.

79 O, marahil kayo'y isang lalaki o isang babae na—na magiging karangalan sa anupamang pamayanan, dahil ang pinili n'yo ay si Cristo. Limang taon mula ngayon marahil nasa Kaluwalhatian kayo, na nakasama sa Pag-agaw, dahil sa pasyang pinili n'yo ngayon.

80 Anupa't kailangan n'yong pumili. At huwag kayong tumingin sa bagay na nakikita n'yo sa ganang inyo. Ang piliin n'yo ay yaong nakikita n'yo sa pamamagitan ng pananampalataya. Yun lang ang tanging bagay na mahalaga, ay kung ano ang pipiliin n'yo sa pamamagitan ng pananampalataya.

81 Si Lot, sa kanyang pagpili. Iniatang ni Abraham kay Lot na ito'y pumili.

82 At iniaatang nga sa inyo ng Diyos ang inyong pagpili. "Piliin n'yo sa araw na ito kung sino ang inyong paglilingkuran." Sa halamanan ng Eden may punongkahoy dun ng—ng kaalaman, at isang Punongkahoy ng Buhay. Binigyan ang tao ng pribilehiyo na piliin ang alinman na hinahangad niya. At ganoon din ito ngayon. Ibinibigay sa inyo ang inyong pribilehiyo, bilang mga kaluluwang may kalayaang pumili, na piliin ang anumang gusto n'yong piliin.

83 Ang payo ko nga sa inyo, ay, huwag tumingin sa mga modernong bagay sa paligid n'yo, at sa popularidad man at sa kasikatan man na maaari n'yo raw makamit. Bagkus ang piliin, sa halip, sa pamamagitan ng pananampalataya, Siya na nagbigay ng pangako na balang araw darating Siya at itutuwid ang lahat ng mga kamalian, at pagkakalooban kayo ng Buhay na Walang Hanggan, at babangunin kayo. Kahit na ang piliin n'yo ay ang daan ng mga kakaunting itinakwil dahil sa Diyos, 'yun ang piliin n'yo. Kung may mga suliraning dala-dala, kung may mga suliranin sa lupain, kung may mga suliranin sa iglesya, kung may mga suliranin sa tahanan, saan man ito, pagpasyahan mo ang pipiliin, "Sa pananampalataya, paglilingkuran ko ang Diyos. Ipagpapakumbaba ko ang puso ko sa Kanyang Presensya. Lalakaran ko ang daan kasama ang mga anak ng Diyos. Nakita ko sila na hinamak at tinanggihan, at itinaboy at pinagtawanan, pero magpapatuloy pa rin ako sa iniatang sa aking tungkulin. Mananatili ako. At kung sila'y umiyak, iiyak ako kasama sila. At kung may kalumbayan, makikidamay ako sa kalumbayan

kasama sila. Ang paraan ng pamumuhay nila, 'yun ang aking ipamumuhay."

84 Gaya ng sinabi ni Naomi kay. . .O, sinabi ni Ruth kay Naomi, "Ang iyong daan ay magiging aking daan. Ang aking daan ay magiging iyong daan. Kung saan ka mabubuhay, ako'y mabubuhay. Kung saan ka patungo, ako'y patutungo. Ang Diyos na iyong pinaglilingkuran ay magiging aking Diyos." Piliin n'yo 'yan, kahit para bang binabalatan nito ang talukap ng inyong konsiyensya, sa pag-iisip na kayo'y mahalagang tao. Hubarin n'yo 'yan at tumugaygay sa daan ng mga kakaunting hinamak dahil sa Panginoon, at manatiling tapat sa dako ng gawain at sa iniatang sa inyong tungkulin.

85 Tumingin sa paligid si Lot. Sabi niya, "May pinili na ako." At tumanaw siya sa dako ng Sodoma. Nakita niya roon ang maiinam na madamong kaparangan na mas mainam kaysa sa nakita ni Abraham, at sa dako kung nasaan si Abraham. Nakita niya ang oportunidad na mapapakain niya ang kanyang bakahan, para magkaroon ng mas matataba't maiinam na mga baka.

86 Sana po wala akong nasasaktan na damdamin ng kahit sino. Pero 'yan po ang tayo ng napakaraming mga mangangaral, na ikokompromiso nila ang Ebanghelyo, sa pag-iisip na mas marami silang pera na makukuha dahil dun. [Ipinapalakpak ni Kapatid na Branham ang kanyang mga kamay nang tatlong beses—Pat.] Pagkakakitaan para makakain! Mas pipiliin ko na mamuhay sa isang tigang na lupa, kakain, iinom mula sa isang sapa, at soda kraker lang ang kakainin, kaysa sa ikompromiso ang pagtitiwala ko sa aking pananampalataya sa Salita ng buhay na Diyos. Yun ang daan na tatahakin ko.

87 May ilan na nagsasabi, "Billy, ano bang mayroon sa pagtitipon mo, at bakit napakarami yatang mga Pentecostal na kasali." Isang sikat na ministro ng denominasyon ang nagsabi n'yan.

Sabi ko, "Itataguyod po ba ng inyong denominasyon ang pagtitipon ko?"

88 Hindi pa katagalan, sa *Look* magasin, sa pagkakaalala ko, may artikulo roon. At sabi nung nagsulat dun, patungkol sa mga Pentecostal. Sabi niya, "Ang iglesyang Pentecostal ang pinaka mabilis na lumagong iglesya sa mundo ngayon." Bakit? Dahil ang mga kalalakihan at mga kababaihan ay nagsipag-angat ng kanilang mga mata't tumanaw sa malayo.

89 At mangyaring pinuri ng nagsulat ang mga Pentecostal. Oh, hayan din, na nabanggit din naman niya, "Na marami rin sa kanila ang nagawi sa pagka-radikal, at kung ano pa. Pero, ang mga Methodist ay sumasamba sa isang kredo. Sinasamba nila ang Diyos sa pamamagitan ng isang kredo. Ganoon din ang

ginagawa ng Baptist, at ng mga Presbyterian. Pero ang mga Pentecostal ay sumasamba sa pamamagitan ng kanyang Biblia."

90 Sa pananampalataya nakikita natin ang pangako. Papanig at papanig ako kasama sila, kahit na gaano pang katindi ang paghahamak sa kanila, kaisa pa rin ako sa kanila. Gayong nililibak sila, at ang buhay ay minsan nasa itaas minsan nasa ibaba, gaya noon sa Israel, hinding-hindi ko aasamin na tumayo kasama ang isang bulaang propeta sa tabi ng burol, na isang Balaam, at may pangangahas na sumpain ang pinagpala ng Diyos. Dahil, sa kampamento na 'yun ay naroon ang Batong hinampas, at ang isang duguang Hain, at isang Haliging Apoy. Kahit na ano ang kalagayan nila, tinutugaygay sila nun patungo sa katagumpayan, at kinakailangan nilang mapuntahan 'yun, dahil sila ang pinangakuang bayan na lumalakad sa pananampalataya. Gayong di sila denominasyon, sila'y mga manlalakbay, at gayundin ang bayan ng Diyos. Pero hangad ko nga na pumanig sa daan nila, lumakip sa kanila sa kanilang hanay; hindi sa kanilang denominasyon, kundi sa pakikipagbuklod sa palibot ng mga bagay ng Walang Hanggang Espiritu ng Diyos, na, sa pamamagitan ng pananampalataya ay aking natanggap ang bautismo ng Espiritu Santo. Tulungan nawa ako ng Diyos sa tuwina na magkaroon ng ganyang saloobin.

91 Pansinin. Habang papausad sila, nasumpungan natin si Lot na tiningnan niya ang oportunidad para—para patabain ang kanyang bakahan. Marami rin ang nakatingin sa oportunidad ng pinatabang pitaka. Marami ang tumitingin sa oportunidad ng mas mainam na katayuan sa lipunan. Nakita niya ang posibilidad na kumita ng ilang karagdagang dolyar. Nakita niya ang posibilidad ng pagiging alkalde ng siyudad. Yamang isa siyang banyaga, at isang matalinong tao, hayan nga siya, "Baka ako pa nga ang maging premyadong tao ng siyudad." Nakita niya ang mga posibilidad dahil nakalatag ang mga ito sa harap niya. Pero ang di niya nakita ay yaong apoy na wawasak sa lupaing 'yun. Hindi niya napagtanto sa sarili niya, na ang lupaing 'yun ay lipos ng kasalanan, at kinakailangang wasakin ng Diyos.

92 At, sa panahon ngayon, laging itinatanto ng mga tao patungkol sa sarili nila sa pagsasabi, "Ikaw ba'y . . .?"

Sasabihin ko, "Ikaw ba'y Cristiano?"

93 Sasabihin nila, "Ako'y Amerikano." Wala nga 'yung kinalaman dun kung papaano nga na ipagpipilitan na sabihin sa isang uwak na siya'y palaka. Wala 'yung kinalaman dun. [Ipinapalakpak ni Kapatid na Branham ang kanyang mga kamay nang isang beses—Pat.]

94 Siya'y wawasakin, dahil matuwid ang Diyos. At kung ang Amerika'y maaabsuwelto sa kanyang mga kasalanan, ang matuwid na kataas-taasang, banal na Diyos ay obligado

na—na bangunin muli ang Sodoma at Gomorra at humingi ng paumanhin sa kanila dahil sa pagtupok sa kanila, dahil sa kanilang kasalanan; kung hahayaan lang Niya na tayo'y maabsuwelto sa ganoon.

95 Kung hahayaan lang Niya kayo na mapunta sa Langit samantalang hayan ang kawalan ng katuwiran sa inyong mga gawa, o di dapat sana'y ibabangon din Niya sina Ananias at Safira at para bigyan sila ng isa pang pagkakataon. Tunay na ganoon ang gagawin Niya. Pero Siya nga'y matuwid. Ang tiningnan ni Ananias ay yaong pera niya. Ang tiningnan ni Pedro ay si Cristo.

96 Oh, grabe! Hindi nakita ni Lot ang pagkawasak ng kanyang mga anak sa dakong 'yun.

97 Marami sa inyo, sa panahon ngayon, na mga nanghahawakan sa mga matatandang pormal na mga kredo't mga bagay-bagay, hindi n'yo natanaw ang pagka-delingkuwente ng kabataan at ang pagkakasira ng inyong mga anak. Hindi n'yo nakita ang inyong anak na babae na hahantong dun sa bahay-prostitusyon. Hindi n'yo nakita ang inyong anak na lalaki na magiging isang lasenggo, o naroon sa mesa't nagbabaraha sa kung saang dako.

98 "Dahil ang dakong 'yun ay natutubigan nang mainam." At ang kasalanan ay di alintana. Hindi niya nakita ang kanyang asawang babae, ang pangulo ng lahat ng sosyedad, na magiging haliging asin, noong tumanaw siya. Hindi niya nakita ang kanyang sarili na tumatakas at ga-ngipin na lang siya sa kapahamakan, tumatakas patungo sa isang munting bayan sa kung saang dako, para maligtas ang kanyang buhay. Hindi niya 'yun nakita, dahil ang tiningnan lang niya ay kung ano 'yung nasa harapan niya.

99 Pero, si Abraham, hindi niya pinansin 'yung lupain na 'yun na natutubigan nang mainam, dahil iniangat niya ang kanyang mga mata at nakita ang bukas, dahil mamanahin niya ang lahat ng mga bagay. Ang tunay na Cristiano ngayon ay iniaangat ang kanyang mga mata at nakikita ang pangako ni Cristo: "Mapapalad ang maaamo sapagkat mamanahin nila ang lahat ng mga bagay. Mamanahin nila ang lupa." Ang tunay na Cristiano, sa pamamagitan ng pananampalataya'y, nakatanaw dun at 'yun ang nakikita. Bansagan n'yo na siya ng kung anu-anong gusto n'yo. Iniangat niya ang kanyang mga mata. At nung gawin niya 'yun, sinabi ng Diyos, "Abraham, lumakad ka sa lupain, lahat ng ito'y sa iyo." Sa pananampalataya, ginawa nito ni Abraham; sa siya ring pananampalataya na kamit ni Moises.

100 May isang komentarista ang sumulat minsan, na ganito ang sinabi. Sa palagay ko nga'y napaka ganda ng mga salitang nakapaloob dito. Na si Abra-. . . "Kakamtin man ni Moises ang pinaka mainam sa mundo at ilalagay 'yun sa isang timbangan; at ang pinaka mahinang relihiyon, at ilalagay 'yun sa kabilang

timbangan; haya't mas matimbang pa rin ang pinaka mahinang relihiyon kaysa sa pinaka mainam ng sanlibutan."

101 Ganyan din ito sa panahon ngayon, na kung babansagan tayo ng kung anu-ano na maibabansag sa atin, "mga panatiko," o "Makalangit na tagapagpagaling," o "holy-roller," o kung anu-ano pa na gusto nilang itawag. Itong pinaka mahina natin ay mas matimbang kaysa sa pinaka mainam ng sanlibutan. Walang may gusto na mabansagan na "napaglipasan ng panahon, matandang makaluma, panatiko." Pero mas matimbang pa rin 'yan sa pinaka mainam na maaaring ialok sa iyo ng diyablo. Tunay na higit mismo.

102 Inaring malaking yaman ni Moises ang kadustaan ni Cristo. Paunang nakita niya si Cristo. Kalaunan nga'y nagsabi siya ng makapangyarihang kinasihang mga salita patungkol sa Kanya. "Masdan n'yo, ang Panginoon n'yong Diyos ay magbabangon ng isang propeta na kagaya ko." Alam niya. Pauna niyang nakita Siya, at inari niya ang Kanyang kadustaan na higit na kayamanan kaysa sa kabighanian ng mundo.

103 Kaibigang Cristiano, sa panahon ngayon, maaari n'yo bang gawin 'yan? Haya't sa kabila ng kabighanian at katanyagan ng sanlibutan, sa pananampalataya, nakita natin Siya na nangako. At ang pinaka mahinang iglesya sa panahon ngayon, sa kabila ng kalagayan nito, hayan nga na mas matimbang Ito kaysa sa lahat ng ipresenta sa inyo ng diyablo. Kahit tayo'y nagkakahati-hati, kahit tayo'y nagkakahiwa-hiwalay, kahit tayo'y nagkakalito-lito at nagkakabukod-bukod, sa mga denominasyon at panatisismo, mas matimbang at matimbang pa rin 'yan kaysa sa anupaman na ipresenta sa inyo ng diyablo. Tunay.

104 Inari niya ang kadustaan ni Cristo na mas malaking kayamanan kaysa sa lahat ng kayamanan ng Egipto. Kaya naman may ginawa siyang bagay. Tinalikuran niya ang Egipto. Oh, gustung-gusto ko ang salitang 'yan. Tinalikuran niya ang Egipto. Kita n'yo, nakatanaw siya sa siya ring bintana, pero ang paningin niya'y iba kaysa sa Faraon. Ano na lang kaya kung nakita ni Faraon ang kawakasan niya? Ano na lang kaya kung nakita ni Faraon na ang bansa niya'y lulunurin? Pero nakita 'yun ni Moises. Papaano? Sa pamamagitan ba ng siyensiya? Sa pamamagitan ng pananampalataya, nakita 'yun ni Moises. Lahat mismo ng ginawa niya'y sa pamamagitan ng pananampalataya, dahil nangako ang Diyos kay Abraham, na kanyang ama, na Kanyang—Kanyang dadalawin ang bansa na ito pagkatapos ng apatnaraang taon, at ilalabas sila. At sa pananampalataya, nanampalataya si Moises sa Salita na sinabi ng Diyos, at nabatid 'yun mismo, yamang sa pamamagitan ng pananampalataya, na siya ang piniling tagapanguna para dalhin sila palabas. Alam niya ang posisyon niya. Pumosisyon siya sa mga putikang hukay, bilang isang tagatapal ng putik, at

ibinilang ang kadustaan ni Cristo na mas malaking kayamanan kaysa sa maupo sa trono ng Egipto. Pumuwesto mismo siya . . . Hindi niya basta sinabi lang, "Nakikidalamhati ako rito." Haya't pumuwesto mismo siya at sumama mismo sa kanila! Luwalhatiin ang . . . Pumuwesto mismo siya. Sumama tayo mismo sa kanila.

105 Hindi na nakapagtataka na sinabi ng kinasihang manunulat:

> Tatahakin ko ang lansangan kasama ng ilan na sa Panginoon ay kinamuhian.
> Kasama si Jesus na hakbang aking sinimulan, ngayon patuloy na sa aking nilalakaran.
> Ako'y patungo na sa lupain ng Canaan. (Tunay.)

106 Si Moises. Sinabi ng isa noon na si Moises ay maaari naman noon, maaari naman siyang maging anak ng Faraon at kamtin ang kabighanian ng sanlibutan, pero mas pinili niyang mapagkilanlan bilang isang anak ni Abraham kaysa sa isang anak ng Faraon. Isang anak ni Abraham, na hinahamak, kaysa maging isang anak ng Faraon, na hari.

107 Ako nga'y mas pipiliin ko na maging anak ng Panginoong Jesus, at Kanyang kapwa lingkod, at mas piliin ang aking kalagayan kasama ang mga taong tinanggihan ng sanlibutang ito, kaysa sa maging Presidente ng dakilang Estados Unidos na ito, o maging isang Elvis Presley, o isang Pat Boone, o sinuman na maiisip n'yo. Tatahak ako sa aking daan.

108 Marapat lamang sa mga kabataang babae na tumahak sa daan nila. Sa halip na maging isang—isang Mary Pickford, o kung sinong sikat na artista sa pelikula, o maging kaakit-akit na babae, haya't tahakin n'yo ang daan kasama ng mga ilang kinamuhian dahil sa Panginoon.

109 Mas pipiliin ko na maging isang mangangaral sa pulpito, na ipinapangaral ang mga di-maarok na kayamanan ni Cristo, kaysa sa maging isang sikat na artista ng Hollywood, o pinaka sikat na tao sa mundo. Ako man ay maging salat sa pagkain, manghingi, o anuman na kailangan kong gawin, tatahak at tatahak ako kasama ang bayan ng Diyos. Sa pananampalataya, gagawin ko 'yan. Marami nang inaalok sa akin na mga oportunidad. Pero, sa biyaya ng Diyos, sa pamamagitan pa rin ng pananampalataya ako'y nakatingin.

> Sa pananampalataya malayo ang aking tanaw;
> At ang ating Ama ay nakaabang sa dulo ng daan,
> Upang paghandaan tayo ng dako na pananahanan Doon.

110 May isang opisyal sa pagbubuwis ang may sabi, nung isang araw, "Bakit mo itinagubilin ang iyong bahay sa iglesyang 'yan? Anong dahilan at ibinigay mo ang dalawampu't limang libong

dolyar na tahanan sa isang munti't lumang mukhang barung-barong na tabernakulo?"

111 Sabi ko, "Hindi dahil sa simbahan kaya ginawa ko 'yun. Ginawa ko ito para sa mga taong naroon." Wala ako ni isa man sa yaman nitong mundo. Bawat kusing ng pera na natatanggap ko ay ibinibigay dito sa iglesya. Bakit? Ang pananampalataya ko kasi'y sa Diyos, at hindi sa mga bagay ng sanlibutang ito. Ang aking pag-ibig ay inilagak sa itaas. At naniniwala ako na lahat kayo'y ganoon din, kung kayo'y wasto sa Diyos. Tunay, na ganoon nga kayo. Tayo, sa pananampalataya'y, tumanggap. Tayo, sa pananampalataya'y, sumasampalataya sa Diyos.

112 Si Moises, kinailangan niyang pumili. At pagkatapos nga'y kailangan na niyang kumilos, matapos na pumili, na kailangan niyang ipaglaban ang pananampalataya, hayan nga't, hindi niya kinatakutan ang galit ng hari. Ngayon, bilang tao, may karapatan siya na matakot sa galit na 'yun. May karapatan siya na matakot sa galit ng hari, pero hindi siya natakot. Hindi nga niya 'yun ginawa, dahil sa trabaho lang niya 'yun, at naroon siya sa iniatang sa kanyang tungkulin. At hindi niya alintana anuman ang sabihin ng hari tungkol dun. Tumahak siya sa daan Niya ano't anuman.

113 Ngayon, si Faraon, siyempre nga, nung makita niya na natatalo siya, pinaunlakan niya sina Moises at ang mga anak ni . . . Sabi niya, "Sige, sasabihin ko sa inyo kung anong gagawin ko. Manatili pa rin kayo sa lupain at lumabas lang at mag-alay sa inyong Diyos."

114 Ganyan nga ang pamamaraan ng diyablo. "Oh, puwede ka pa rin namang maging relihiyoso. Bakit di mo subukang magpunta at sumapi sa iglesyang ito? Hindi mo kailangang gawin ang lahat ng mga bagay na ito sa dakong 'yan." Sasabihin ng isang lalaki sa kanyang asawang babae . . .

115 Sasabihin ng asawang babae, "Asawang lalaki, naligtas na ako. Wala na akong manikyur, o lipstik at kung anu-ano pa. Wala nang ganito. Wala nang pagdalo-dalo sa mga kasiyahan. Wala na itong mga sosyalang bagay. Wala na ako sa ganito! Ilalaan ko na lang ang oras ko sa pagbabasa ng Salita, pag-aasikaso ng tahanan."

116 "Ngayon, tingnan mo, mahal. Ikaw, puwede ka namang maging relihiyoso pa rin, kung tutuusin. Ngayon, tingnan mo, ikaw—ikaw kasi'y dumadalo pa *rito*. Mali ka lang ng dinadaluhang simbahan."

117 Hindi, hindi po. Kayo nga'y nasa tama. Kung may mangangaral na ganyan ang ipinapangaral sa inyo, dapat kayong manatili riyan. Saliksikin muli ang mga Kasulatan at sumpungan n'yo kung tama ba ito.

118 "Oh," sasabihin, "*dito* ka na lang dumalo. Wala silang—wala silang ganyan-ganyan na dapat daw gawin dito. Kita mo?

Hindi nila ginagawa 'yang ganyan-ganoon dito." Ganoon 'yung taktika . . . "Sa ganitong kalayo lang kayo pumunta." Pero ayaw nga niyang umalis kayo mula sa lupaing 'yun. Ganyan ang diskarte't pamamaraan ng diyablo. Ayaw niyang lumayo kayo mula sa mga bagay ng sanlibutan; mangyari nga na dinadala pa ang sanlibutan na mahalo sa simbahan.

119 Nung isang araw, sa daan ko, binuksan ko ang radyo ko. At may—may awitin dun, at pinakinggan ko 'yun, at inabot ako, nang halos, sa dulo na ng kanta, bago ko masabi kung 'yun ba'y ganap na relihiyosong kanta, o ang diyablo 'yun na sinusubukang dalhin ang mga bagay ng Diyos sa lebel ng sanlibutan. Hindi n'yo puwedeng gawin ang ganyan! Mahahabag nawa ang Diyos!

120 Wala akong pakialam gaano mang karaming album ang maisulat ni Elvis Presley, ukol sa lahat ng magagandang relihiyosong kanta. Inaalihan pa rin siya ng diyablo. Mas marami siyang napapadalang mga kabataan sa impyerno, kaysa sa lahat ng mga pagkilos na nalalaman ko, sa buong mundo sa panahon ngayon. Si Pat Boone at lahat sila, kasapi siya sa church of Christ; at si Elvis Presley naman, ay isang Pentecostal; sila'y Judas Iscariote, sa anyo ng mga kalalakihan na 'yun. Sinusubukan ng diyablo na dalhin ang matatayog na bagay ng Diyos, nang sa gayon ay ihalubilo niya *rito* sa ibaba. Mangyari nga na di na titingin ang mga tao sa taas *dito*. Haya't *dito* na tuloy sila titingin, sasabihin, "Buweno, parehas lang din naman." Hinding-hindi puwedeng magkapareho. Lumabas kayo mula sa lupain.

121 Sabi, "Sige puwede kayong magpunta nang ilang araw. At puwede kayong magpunta, pero dito pa rin kayo manatili sa lupain." Hayan nga, sinisigurado niya na babalik sila. Tapos nung makita niya na di 'yun uubra, haya't nakaisip siya ng iba na naman. Sabi niya, "Sige't sasabihin ko sa inyo ang gagawin n'yo. Sige pumunta kayo saan man n'yo gustong pumunta, pero iwan n'yo ang lahat na mga asawa n'yong babae, lahat ng mga anak n'yo, at lahat ng mga bakahan n'yo, sa dako *rito*. Iwan n'yo sila rito, at puwede kayong lumabas." Dahil, alam niya na kung maiiwan ang mga ari-arian nila sa dako rito, maaakit sila na bumalik.

122 At 'yan ang sinasabi ng diyablo sa inyo. Kung magtitira kayo ng ilang bagay ng sanlibutan na nandiyan pa rin sa inyo, na may kagustuhan pa rin kayong manigarilyo, may kagustuhan pa rin kayo na uminom ng alak, may kagustuhan pa rin kayo na manamit tulad ng sanlibutan, 'yan na 'yan nga ang gusto ng diyablo.

123 Lagi kong naririnig ang tungkol sa pagtalikod sa pananampalataya. Hindi ako naniniwala na may pagtalikod gaya ng iniisip ng ibang tao. Marami lang silang iniwang ari-

arian sa Egipto na inaakit sila pabalik, ganoon nga 'yun. Yung pagtalikod sa pananampalataya'y hindi 'yun ganoon sa sinasabi nila na ganoon 'yun. Sadyang marami lang kayong iniiwan sa sanlibutan, na 'yun ang umaakit sa inyo pabalik.

124 Kapatid, sinasabi ko nga sa inyo, nung ang Israel ay handa na noon, nung hatinggabi na 'yun, 'yung lahat mismo ng pagmamay-ari nila sa mundo'y, nakaimpake't handa na silang umalis mismo.

125 Ang Diyos nawa'y magpadala ng rebaybal na gaya n'yan. Na iiimpake natin ang lahat, at nakahanda na tayo mismong umalis. Hayan nang parating ang sigaw sa hatinggabi, "Lumabas kayo at katagpuin Siya." Siguraduhin n'yo na ang lahat-lahat ay naimpake na. Siguraduhin n'yo na wala kayong anuman na maiiwan, sa sanlibutang ito, na aakit sa inyo pabalik, na anumang tali na pipigil sa inyo. Mag-impake na kayo. Maghanda na tayo. Paalis na tayo.

126 At alam n'yo ba? Sinasabi ko nga sa inyo, sila'y tapat na tapat sa Diyos, na anupa't si Faraon na mismo ang atat na atat nung hatinggabi na 'yun, sabi niya, "Umalis kayo! Umalis na kayo, at magpakalayo na. Dalhin n'yo ang lahat ng mayroon kayo, at lumayas na!"

127 Ikinagagalak ko nga nang husto na may tao na makakapamuhay nang sobrang malapit sa Diyos, na anupa't di malaman ng diyablo kung anong gagawin niya sa taong ito. Ganoon nga. Lumabas na kayo! Magpakalayo kayo! Tumalima sa Diyos!

128 Sa pananampalataya, nakita niya ang pangako. Tagatapal man ng putik, o hindi tagatapal ng putik, pumanig siya sa daan ng mga kakaunting hinamak dahil sa Panginoon. Sabi ni Faraon, "Dalhin n'yo na ang lahat ng mayroon kayo at lumayas kayo mula rito! Hindi ko na alam ang gagawin ko sa inyo." Ganoon na lamang ang katapatan niya sa Diyos, sa pananampalataya.

129 Magbubunsod ng mga himala ang pananampalataya, kung kayo'y makakapanatiling tapat sa Diyos. Sa pananampalataya, nakita natin Siya.

Ubos na po ang oras natin; lumampas na tayo sa oras.

130 Pero, sa pananampalataya, sa umagang ito, iangat n'yo ang inyong mga mata. Huwag n'yong tingnan ang nasa paligid n'yo, ang modernong sanlibutan na ito, bagkus tumingin at tingnan Siya Na nagkaloob ng pangako. Sinabi ng Biblia, "Hindi natin nakikita ang mga bagay-bagay na ganap ngayon, pero tunay na ang nakikita natin ay si Jesus." Sa Kanya kayo tumingin, sa umagang ito, at ang inyong mga gawi ay mababago.

131 Habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo, pansumandali, para sa pagdulog na panalangin. Nawa'y idagdag ng Panginoon ang Kanyang mga pagpapala sa Mensaheng ito.

132 Magbulay kayo ngayon sa puso n'yo. Kayo ba'y nakatuon sa tuwina sa mga bagay ng sanlibutan? Sa pananampalataya, nakikita n'yo ba si Jesus? Nakatuon ba kayo sa inyong popularidad, sa inyong iglesya? Kung ano ang katayuang panlipunan n'yo sa mundong ito? O, nakatuon kayo kay Jesus Na, sa kahabagan, ay inilagay ang Kanyang Sarili sa kanan ng Karangalan sa Itaas, Na naghirap gaya ng isang martir, ang matuwid para sa di-matuwid? Magagawa n'yo bang ibaling ang inyong mga mata at tingnan ang Punongkahoy ng Buhay sa ibayo? Kung ganoon, iwan n'yo ang punongkahoy na ito ng siyensiya at kaalaman, at maglingkod sa Kanya.

133 Gusto n'yo bang maalaala sa pananalangin bago ako manalangin? Itaas n'yo ang inyong mga kamay, para sa kung anumang kahilingan na kinakailangan n'yo. Pagpalain kayo ng Diyos. Nakikita Niya ang lahat na kamay n'yo.

134 Kung makasalanan kayo, ibaling n'yo ang inyong mga mata at tumingin na ngayon. Kung kayo'y walang malasakit, kung kayo'y may kaunting pagaaway-away at mumunting ganung mga bagay, ano ngang magiging kaibhan nito? Mamamatay at mamamatay kayo isa sa mga araw na ito. Anong araw? Marahil ngayong araw! Hindi n'yo 'yan alam. Isang oras mula ngayon, marahil nandun na kayo sa impyerno, o marahil nandun na kayo sa Langit. Pero kailangan n'yong mamili ngayon. Kung may anumang bagay sa buhay n'yo na hindi tama, pumili na kayo ngayon, sa pamamagitan ng pananampalataya.

135 Sasabihin n'yo, "Buweno, kung makaganti lang sana ako sa babaing ito! Kung makaganti lang sana ako sa lalaking ito!" Anupaman 'yan na nagawa nila, piliin n'yo ang Buhay. Piliin n'yo ang Buhay.

136 Dahil, sinabi ni Jesus, "Kung mula sa inyong puso ay di n'yo mapapatawad ang bawat tao sa kanilang masamang ginawa, gayundin na hindi kayo patatawarin ng inyong Makalangit na Ama." Kaya pagkabulayan n'yo 'yan na maigi. Kung may isa mang poot sa inyong puso laban sa kung kanino mang tao, makasalanan o banal man, nanganganib kayo sa apoy ng impyerno.

137 Ngayon iangat n'yo ang inyong mga mata. Ano ang nakikita n'yo, ang kaaway n'yo ba? O, ang nakikita n'yo ay ang inyong Tagapagligtas? Ano ang tinitingnan n'yo sa umagang ito?

138 Kung kayo nga'y may sakit, at sinasabi ng inyong doktor na hindi na kayo gagaling, iangat n'yo ang inyong mata, sa direksyon ng krus, kung saan Siya sinugatan dahil sa ating katampalasanan, na sa Kanyang mga latay tayo'y pinagaling. Huwag n'yong tingnan kung ano ang sinasabi ng doktor; sa siyensiya siya kumikilos. Ang pananampalataya'y kumikilos sa dako ng Espiritu at Diyos. Sige't bulayin natin ang mga bagay

na ito ngayon habang nakataas ang inyong mga kamay. Nakikita 'yan ng Diyos.

Manalangin tayo.

139 Oh Walang Hanggang Diyos, sa katiwasayan ng pagsambang ito ngayon, matapos na ang Mensahe'y naipahayag na, huwag Mo pong pabayaan ang mga binhi ng Iyong Salita, Panginoon, na mahulog na lang sa mabatong lupa. Huwag mo pong pabayaan na ang Mensahe, Panginoon, ay mahulog sa mga dawag, sa mga tinik, na ang mga abalahin ng buhay na ito (katulad ni Lot) ay iinisin 'yun palabas, sa huli, magiging sayang. Pero, Oh mapagpalang Diyos, Iyo pong pabagsakin ito sa mabuti't, matabang mga lupa, sa mga pusong nagsisisi. At sa akin, din, Panginoon, nang sa gayon lahat kami'y makatuon sa salamin ng pagtanaw ng Diyos, at makita ang tinanggihang Iglesya ng Panginoong Jesus, ang tinanggihang bayan, ang tinanggihang daan, at nawa makalakad kami sa maluwalhating daan na ito.

140 Gaya ni Moises, hindi niya alam kung saan siya patungo. Hindi alam ng mga tao kung saan sila patungo. Hindi nila alam kung saang direksyon ba sila tatahak. Sila po'y lumakad lang.

141 At, Oh Panginoong Diyos, habang ang mainam na himno na ito'y pinatutugtog, sa pananampalataya ay natatanaw namin ang Lupain na 'yun sa malayo. Nawa sa mga oras na ito ngayon, ibunsod nawa na ang mga kalalakihan at mga kababaihan dito'y hindi na nila isipin kung ano ang sasabihin ng sanlibutan, o kung papaano ba sila uusad. Nawa sila'y tumindig mismo sa kanilang espiritu, at umusad.

142 Sinundan ni Moises ang Liwanag, at pinangunahan siya Nito patungo sa lupang pangako. Hindi nga niya alam kung saan siya patungo, pero haya't lumakad lamang siya sa Liwanag, patungo sa lupaing 'yun na mas maaliwalas kaysa sa araw.

143 Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon, ngayon, nang sa gayon marami sa mga narito ang makalakad sa Liwanag ng Kasulatan at sa pakikipagbuklod ng Espiritu Santo, at kalakip ang Iglesya; ang Iglesya, ang Panganay, ang mga bagong silang na tumanggap kay Cristo, at napuspos ng Espiritu Santo, na pinangunahan ng Espiritu. Nawa'y makapaglakad kami sa pagbubuklod na ito, na sama-sama, sa palibot ng mga kautusan ng Diyos, pinaglilingkuran Siya sa bautismo, sa pagtalima sa Kanyang kamatayan, pagkalibing, at pagkabuhay na mag-uli. Nawa'y makapaglingkod kami sa Kanyang utos, "Magsipanatili kayo sa Jerusalem hanggang sa kayo'y masangkapan ng Kapangyarihan mula sa Itaas." Nawa'y mapaglingkuran namin Siya sa Makalangit na pagpapagaling, mananalangin para sa mga maysakit. Nawa'y mapaglingkuran namin Siya sa komunyon, sa pagpuputul-putol ng tinapay, na may isang puso, nagbubuklod sa palibot ng Salita ng Diyos. Nawa'y mapaglingkuran namin Siya sa lahat ng Kanyang Makalangit

na mga utos, hanggang sa ang Lupain ay matanaw na. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Iyo pong dinggin ang aming panalangin, habang itinatagubilin namin ang lahat ng ito sa Iyo ngayon, sa Pangalan ng Panginoong Jesus.

144 Ngayon habang nakayuko ang ating mga ulo, nang may kataimtiman, mahinay lang, awitin natin ang awiting ito. Ngayon ito po'y pagsamba. Tapos na po ang mensahe. Wala pong aalis. Tumaimtim lang po. Tayo'y sumamba.

145 Ang mensahe ang nagtutuwid. Bulayin n'yo ngayon ang mga bagay na nagawa n'yo, kung ano ba ang dapat sana'y ginawa n'yo, kung ano ang may gawa ng kung ano kayo ngayon. Ang dahilan at hinahatulan kayo, ngayon, ay dahil may bagay kayong nagawa sa nakaraan. Ano ngang bunsod nito kinabukasan? Kaya itama n'yo na ngayon, at kayo'y malaya kinabukasan. Kita n'yo? Kailangan n'yong pumili. Papaano n'yo 'yun gagawin? "Sa pananampalataya, akin na ngayong pinakakawalan ang lahat. Akin na ngayong pinakakawalan, at balang araw ako'y dadako Roon."

In the sweet by and by,
We shall meet on that beau-. . .

Sumamba lamang po sa Panginoon sa inyong espiritu ngayon.

In the sweet by and by,
We shall meet that despised Church. (Mahirap ang pinagdadaanan, pero magkikita-kita tayo balang araw.)

To our bountiful Father above,
We will offer our tribute of praise,
For the glorious gift of His love,
And the blessings that hallow our . . .

Kasama ang kakaunti na hinahamak dahil sa Panginoon, sa pananampalataya, 'yan ang pinipili ko.

In the sweet (in the sweet) by . . . (by and by)
We shall meet on that beautiful shore; (by and by)
In the sweet (in the sweet) by and by,
We shall meet on that beautiful shore.

There's a Land that is . . .

Sumamba lamang sa Kanya. Ito po'y pagsamba.

. . . faith I can see,

Sa pamamagitan ng pananampalataya ako'y pumili.

Oh, the Father waits . . .

146 Nakikinita ko ang mga nasa Panginoon sa dako roon; sina Kapatid na George, Kapatid na Seward, ang lahat ng mga banal.

...us a dwelling place There. (Siyanga po, Panginoon!)
The sweet...

147 Ang tatay niya, si Howard, si Edward, lahat ng mga matatagal nang mga banal na kaibigan na tumahak sa Daan na ito, noon, matagal nang panahon.

In the sweet (Siyanga, Panginoon!) by and by (by and by),
We shall meet on that beautiful shore.

We shall sing on that beau-...(Oh Diyos!)
The melodious songs of the blest, (Luwalhatiin ang Diyos!)
...shall sorrow no more,
Not a sigh for a blessings of that restful Place.

In the sweet, sweet by and...(by and by)
We shall meet on that beau-...

*Sa Pananampalataya, Si Moises* TAG58-0720M
(By Faith, Moses)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Hulyo 20, 1958, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2021 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamamahaging materyales, kontakin lamang ang:



VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org